JANUARY 2011

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN PO NATIN !

ISSUE 30

مجلة لتتحاور ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الثلاثون



MAGANDANG BUKAS

IPINAMIMIGAY NG LIBRE


المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف
24756796-24712574

january .indd 1 1/24/11 10:16:36 AM

Arabic Language Education Project

CAMS
معهد كامز للتدريب الأهلي
CENTRE FOR COMPUTER & MANAGEMENT STUDIES

الأمانة العامة للأوقاف



SA PAGTATAGUYOD NG
AWQAF PUBLIC FOUNDATION

FREE ARABIC COURSE

Limitado lamang ang upuan,
kaya tawag na ngayon para magparehistro.

FULL COURSE DURATION : 32 HOURS

Tel : 97802777 - 24712574 - 24756796

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

جمعية النجاة الخيرية

UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

january .indd 2 1/24/11 10:16:38 AM

ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait

MEGA OFFER! Para Sa Lahat Ng Pinoy Sa Kuwait

LIBRENG Computer Courses

Para Sa Beginners & Professionals

Magmadali!!! *Flexible Schedule* ✓

Flexible Time Kayo Ang Pipili Ng Schedule

Highly Qualified Filipino Instructors

Napakadali Lamang Mag-Enroll

How can I ?

How can I effectively write business correspondence?
How can I have an efficient filing system?
How can I develop my personality?
How can I manage my work well?
How could I perform my office jobs efficiently and effectively?
How could I organize my schedules and tasks in my office faster and easier using Microsoft Outlook?

Answer to all of above questions is → Office Management

Office Management is very special course that would definitely provide all the necessary secretarial and management job information that you need. This course will include secretarial procedures, developing an effective personality and positive job attitude, becoming part of an office team, reception work, incoming mail/ outgoing mail, telephonic techniques, filing systems and record management.

Magpa-reserve Na, LIMITED SLOTS only

COMPUTER SECRETARIAL COURSE

- Typing
- Ms Word (Flexible Schedule)
- Ms Excel
- Ms Power Point
- Scanning & Printing
- Windows XP , Internet
- Program Installation

PROFESSIONAL COURSES

Group Courses
- Office Management
- PC & Laptop Maintenance
- PC Networking

Flexible Schedule Courses
- AutoCAD 2D & 3D
- Graphic Designing
- Web Designing
- Computer Programming

MGA KABAYAN!!!

Isulong ang iyong kaalaman. Kabalikat mo ang ICSA_CITC sa pagtupad ng iyong mga pangarap at pagtahak ng landas sa mas magandang kinabukasan. Mag-aral ng computer courses,
Maging Bahagi ng ICSA at Tiyak na Makakamit Ang Inyong Pangarap! Tawag lang po kay Mark at Kathy

Tawag na kay Ms. Kathy

ICSA
22467301
60078629
Kuwait City
info@icsa.us / www.icsa.us
pinoy kuwait @yahoo.com
ICSA Facebook: icsa_kuwait@yahoo.com

KPCCenter Tagalog

facebook®

uaya101@gmail.com



Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.

May problema ka ba sa iyong Laptop?



Huwag nang Mag-alala! Sagot ng CITC ang Problema Mo!

Laptop Repair

Garantisadong Serbisyo!

Free Diagnosis!

- No Display
- No Power
- Slow Respond
- Virus Removal
- All kinds of Software and Hardware Problems



CITC Computer Information Technology Centre
Tel.: 22403408 - 66001263 Kuwait City

3 TAO KUMILOS KA AT GUMAWA
يا إنسان تحرك وأعمل

4 MAGANDANG BUKAS HANDOG SA IYO
سعادة المستقبل

5 ANONG MERON SA BUWAN NG ENERO
المناسبات في يناير

6 MAKI-ALAM! KUWAIT: Buhay Pinoy sa Kuwait
الحياة في الكويت

8 PAG-ARALAN ANG ARABIK: Lesson 20
تعلم اللغة العربية

9 TANONG AT SAGOT: Lottery, Ending at Raffle Ticket
سؤال وجواب

10 MINDANAO TUKLASIN NATIN: Kabundukan at mga Burol
مندناو

11 TUBBATAH REEF
عالم الأسماك

12 LIBANGAN ISTILONG KUWAIT
الترفيه في الكويت

13 MGA ASAL AT KAUGALIAN NG PAMAYANANG KUWAIT
اداب واخلاق المجتمع الكويتي

14 BISAYA: Ang Yutang Saad
لغة بيسايا

15 BASA A MORO
لغة المورو

16 PINOY RECIPE
تعليمات الطبخ - الفلبينيه

17 ISYUNG PANGKALUSUGAN
الصحة

18 PANANAGUTAN
المسئولية

19 SARI-SARING KAALAMAN: PC, Laptop at Information Technology
معلومات متنوعه

20 MAGTAWANAN TAYO
طرائف تجالوج

21 MAHALAGANG MGA NUMERO SA TELEPONO
ارقام هاتفية مهمه

21 BISAYANG JOKES
طرائف بسايا



FILIPINO MAGAZINE PO NATIN !

PAG-USAPAN

Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
uaya
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

IPC

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency

TAO KUMILOS KA AT GUMAWA



Nakakita ka na ba ng mga taong hindi pa halos sumisikat ang araw ay nagtatrabaho na? Sa kabilang dako, mayroon ka bang naobserbahang mga tao na tanghaling tapat na ay nakahiga pa rin at tila ayaw magtrabaho? Ano ang naiisip mo kapag nakakakita ka ng ganito? Ikaw, saan sa dalawang kategorya ka nabibilang? Mahalaga bang kumilos ka at gumawa? Sa palagay mo, maaari ka bang mabuhay nang maayos at ganap kung hindi ka gagawa? Ano ba ang paggawa? Bakit kailangang gumawa ang tao? Ang katugunan sa tanong na ito ay makikita sa katotohanang hindi mabubuhay ang tao kung hindi siya kikilos at gagawa. Sa gustuhin man natin o hindi, bahagi ito ng ating buhay.

Ang ating mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, damit at iba pa ay hindi lalapit sa atin ng kusa o di kaya'y babagsak mula sa langit. Kinakailangang paghirapan natin at pagtrabahuhan bago ito makamit. Tingnan mo na lamang ang halimbawang ito. Kung ikaw ay nasa gubat at nakaramdam ng gutom, maghahanap ka ng makakain. May nakalaang biyaya ang kalikasan para sa iyo tulad ng bunga ng puno subalit kailangang akyatin mo ito at kunin. Kung hihintayin mo lamang ang kusang pagbagsak nito, malilipasan ka ng gutom.

Mahalagang gumawa ang tao sapagkat kasapi siya ng isang pangkat. Ang bawat kasapi ay may tungkuling dapat gampanan para sa ikapagkakamit ng kabutihang panlahat. Sa tahanan, hindi ba't may kanya-kanyang gawain ang bawat kasapi upang matiyak na magiging maayos ang tahanan? Isa pang dahilan kung bakit kailangang kumilos at gumawa ang tao ay upang makamit niya ang kanyang mithiin at naisin sa buhay. Hindi mo makamit ang kaunlaran at kaginhawaan kung nakatunganga ka lamang maghapon at walang ginagawa. Ang paggawa ay nagbibigay pagkakataon sa tao na malinang ang kanyang mga kasanayan. Maraming potensyal ang isang tao na nangangailangang palutangin at linangin. Magagawa lamang ito sa pamamagitan ng paggawa. Ang paggawa ang nagbibigay ng pagkakataong makapamuhay ng aktibo ang isang tao. Hindi sapat na ang tao ay huminga, kumain at matulog. Mahalagang gumawa siya ng mga kapakipakinabang na bagay para sa kanyang sarili, sa kanyang kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan. Nagbibigay kahulugan ang paggawa sa buhay ng isang tao. Ito ang dahilan kung bakit kadalasan ang mga taong aktibong nagtatrabaho at biglang nagretiro ay nakararamdam ng panghihina.

Sapamamagitan ng paggawa naipadarama natin sa iba ang ating pagmamahal. Ang mga magulang ay nagtatrabaho upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak. Ang pagmamahal ng isang binata sa kanyang nililiyag ay naipakikita niya sa pamamagitan ng kanyang mga kilos at gawain. Ang pagmamahal ng isang anak sa kanyang magulang ay maaaring maipakita sa pamamagitan ng kanyang pagtulong sa mga gawaing bahay. Sa madaling salita, makikita natin ang pisikal na manipestasyon ng pagmamahal sa pamamagitan ng paggawa. (Project EASE, bse.portal.ph)

january .indd Sec1:3 1/24/11 10:16:46 AM

MAGANDANG BUKAS,

HANDOG SA INYO



Pagsulong at pag-unlad, ang gandang pakinggan ano? Sa mga nakikita mo sa iyong paligid at sa kabuuan ng ating lipunan, masasabi mo bang nakamit na natin ito? Ano ang naging batayan mo? Kung sa tingin mo ay malayo pa tayo sa landas ng kaunlaran, ano kaya ang mga hakbang na dapat nating gawin upang makamit ito? Kung ikukumpara sa ibang bansa, masasabing higit tayong pinagpala. Mayaman tayo sa mga likas na yaman at yamang pantao. Ngunit ang nakapagtataka ay bakit tila ba napag-iwanan na tayo ng ating mga kalapit-bansa.

Ang pag-unlad ng isang lipunan ay hindi lamang masusukat sa dami ng kita ng mga mamamayan at nagtataasang mga gusali. Ang tunay ng pag-unlad ay holistiko. Makikita dito ang pag-unlad hindi lamang ng antas ng kabuhayan kundi maging ang pagtaas ng antas ng moralidad at ispiritwalidad ng mga tao. Napapaloob din dito ang pamamaraan ng pagtugon sa mga pangangailangan sa kasalukuyan na hindi naman naisasakripisyo ang kinabukasan ng mga susunod pang henerasyon. Nararapat dito ang matalinong paggamit ng mga likas-yaman upang patuloy nitong matugunan ang pangangailangan ng tao hindi lamang ngayon kundi sa mga taon pang darating. May likas na yaman sa kapag naubos o inabuso ay hindi na mapapalitan pa. Sabi nga sa awitin, 'hindi masama ang pag-unlad kung hindi nakasisira ng kapaligiran." Nagpapahiwatig ito ng kahalagahan ng mapanagutang pamamahala sa mga materyal na bagay na kaloob sa atin ng Diyos.

Ang lahat sa daigdig ay magkakaugnay. Naniniwala ka ba dito? Anuman ang gawin natin sa kalikasan at sa lahat ng materyal na bagay na ipinagkaloob ng Diyos sa atin ay tiyak na babalik rin sa atin. Pamilyar ka marahil sa red tide, landslide at iba pa. Hindi ba't resulta ang mga ito ng hindi wastong pamamahala sa likas na yamang ipinagkaloob sa atin. Hindi dapat maisakripisyo ang likas na yaman kapalit ng pag-unlad. Maaari namang makamit ang pag-angat ng kabuhayan ng hindi isinasakripisyo ang kalikasan.

Makikita sa isang pahayag kung paano matatamo ng likas kayang pag-unlad ang pagsasabuhay ng mapanagutang pamamahala sa materyal na bagay. Ang mga ito ay ang mga sumusunod.

1.Pagbabago ng pananaw sa pamamagitan ng pagtataguyod sa kahalagahan ng simpleng pamumuhay at hindi maaksayang pagkonsumo.

2.Ang wastong paggamit at tamang pangangalaga sa kalikasan, paggalang at pagtataguyod ng pagpapalit ng mga nagamit na bahagi ng kalikasan.

3.Pakikibahagi sa paglutas ng mga suliranin ng kapaligiran.

4.Paggamit ng mga teknolohiyang hindi nakasisira sa kalikasan.

5.Pagtataguyod ng responsableng pamumuno sa lahat ng antas ng pamayanan o bansa.

6.Pagtulong sa maliliit ng pamayanan o bansa na magkaroon ng mga programang tutugon sa kanilang pangangailangan.

7.Pagkuha ng suporta mula sa malalaking sektor ng lipunan tulad ng mga industriya, pamahalaan, mga institusyon at media. (Project EASE, bse.portal.ph)

january .indd Sec1:4 1/24/11 10:16:47 AM

ANONG MERON SA BUWAN NG

ENERO

January 1 - Araw ng Bagong Taon sa maraming mga bansa sa buong daigdig na ginagamit ang Kalendaryong Gregorian, madalas na pinagdiriwang sa ganap na 0:00 kasama ang mga paputok.

January 1, 45 BC – Ang kalendaryong Huliyano ay unang naisabatas.

January 4, 1945 - Ang puwersang Pilipino at Amerikano ay ang nabihag sa Tulay ng Baroro sa bayan ng Bacnotan, La Union mula sa kaanib ng pakikipaglaban sa mga sundalong Hapones.

January 6 or 7 – Pinagdiriwang ng Coptic Church ang Christmas, base sa Huliyanong kalendaryo.

January 9, 1945 – World War II: Sinalakay ng Estados Unidos ang pulo ng Luzon.

January 12, 1908 - Isang long-distance radio message ay nagmula sa Eiffel Tower sa Paris sa unang pagkakataon.

January 15, 1892– Inilathala ni James Naismith ang mga palatuntunan sa basketbol.

January 20, 2001 - Ang pangulo ng Pilipinas na si Joseph Estrada ay pinatalsik ni Gloria Macapagal-Arroyo sa Ikalawang Rebolusyon sa EDSA

January 20, 2009 – Si Barack Obama ay nanumpa bilang pangulo ng Estados Unidos, ang kauna-unahang pangulong Aprikanong Amerikano

January 21, 1901 - itinatag ng Estados Unidos ang pambayang edukasyon sa Pilipinas sa bisa ng ipinasang batas ng Komisyon ng Pilipinas

January 21, 1908 - Ipinagbawal ng Lungsod ng New York ang paninigarilyo ng kababaihan.

January 23, 1899 - Nanumpa si Emilio Aguinaldo bilang Pangulo ng Unang Republika ng Pilipinas.



ADVERTISING RATES	Original Rates KD	6 Months 20% Discount	Yearly 30% Discount KD	
Regular Full Page	100	80	70	840
Half Page	50	40	35	420
Quarter Page	25	20	17.5	210
Inside Front Cover Full Page	150	120	105	1,260
Inside Back Cover Full Page	150	120	105	1,260
Back Cover Full Page	200	160	140	1,680
Center Spread Pages	200	160	140	1,680
For more information, call 24712574 ext. 109				

january .indd Sec1:5 1/24/11 10:16:50 AM

Maki-Alam!

Ni Joshua Yusuf Barbas

BUHAY NG PINOY SA KUWAIT



Mga Kabayan! Akin ko po kayong iniimbitahan na makiisa at makibahagi ng inyong mga istorya at kwentong Buhay-Kuwait. Mga kwentong Kabayan na nasa Gitnang Silangan partikular dito sa Kuwait. Na kahit naging malayo man tayo sa bayan sinilangan at sa ating mga mahal sa buhay, na dahil na rin sa hangarin at pangarap, na sana'y makaahon ng kaunti sa buhay. Kaya isipin nalamang natin maging inspirasyon sila kahit pa nakaka-home-sick at nakaka-miss sila. Mga Kapatid! Inyong ibahagi ang anuman mga aral ng buhay, kaalaman, payo, mga katanungan at paglalahad ng makulay na kwentong Kabayan.

Sa pagkakataong ito ang ating ibabahagi ngayon ay ang mga istorya ng ilang kababayan na tila nga maihahanay na natin sila sa mga veterans OFW ng Kuwait, ika nga, dahil sila ang mga tumagal na dito sa Kuwait, ang biro pa nga nila kung pwede lang magpalit na ng citizenship ginawa na nila, pero ganun talaga ang buhay, tayo ay matatapos din dito pagretiro natin sa Kuwait, uuwi din tayo sa tinubuan bayan. May ilan tayong napiling mga Kabayan na nagbahagi ng iba't ibang sagot sa ating katanungan na sana atin itong mapulutan ng mga aral at mga inspirasyon.

Una na dito si Mr. Bitoy di tunay na pangalan, 9 years na sa Kuwait, may asawa, ayon sa kanya kung sahod ang pag-uusapan kailangan daw na iwas tayo sa bisyo at sa luho ng buhay lalu na dito sa Kuwait. Ang tingin niya sa buhay dito di maganda marami ang nag-aasawa na Pinoy na kasal din sa Pilipinas. Marami ding nagsasama ng di pa kasal dito, mga kumapit sa patalim ika nga, para matustusan ang mga pangunahing gastusin dito at sa 'Pinas. Pero sa kabuuan ng aking pagtatanong sa kanya siya ay naging masaya na rin dahil dito n'ya natagpuan ang tunay na Diyos at lalu siyang nakadama ng takot sa Maykapal. Business ang pangarap na matamo ng ating veterans na Designer at Artist sa isang Ministry ng Kuwait. After retirement grocery store o palaisdaan ang pangarap n'yang magkaroon sa atin. At payo niya sa lahat magsikap tayo at maging masinop hangga't kaya pa ng katawan natin ang pagtatrabaho dito sa mainit na panahon ngayon ng Kuwait. 'Wag padala sa tukso, bagkus tibayan ang loob at maging matibay din sa mga pagsubok at manalig unang-una sa lahat sa Maykapal.

Pangalawa sa ating napili, isang guro sa isang center at translator ng isa sa Ministry dito sa Kuwait, 10 taon na dito. At pamilyado na rin. Sa kinikita sagot n'ya - "Kulang na! Kulang pa! Dahil sa dami ng obligasyon ginagampanan lalu na sa 'Pinas. Sa buhay-Kuwait sabi n'ya masaya ngunit masaklap at terible. Subalit kahit pano' may hinihintay kang sahod, kaysa doon sa 'Pinas na walang tiyak na hanapbuhay. At pag naka-ipon naman ay makapagpatayo ng maliit na negosyo bilang karugtong ng hanapbuhay dito sa Kuwait, para may makuhang pang araw-araw na pangangailangan. Payo naman n'ya gawing priyoridad ang seguridad at kaligtasan sa trabaho, unahin ang kailangan kaysa sa kagustuhan. 'Wag mag-aksaya ng pera, maging masinop para pagdating ng panahon na nasa 'Pinas na, may maipagmalaki tayong bunga ng ating pinaghirapan sa Kuwait. Dagdag pa n'ya ating gawing makabuluhan ang mga araw o taon na ating ginugugol habang tiniis na

january .indd Sec1:6 1/24/11 10:17:46 AM

mapalayo sa mga mahal sa buhay. At 'wag sayangin ang mga sandaling iyong tinitiis at laging alalahanin sa bawat kailangan mo sila ay tanging larawan nila ang iyong kapiling. Dahil ginagawa mo itong pagtitiis para din sa kanilang kapakanan.

Pangatlo sa ating nakasalamuha, si Zeny, 11 years sa Kuwait, 4 na taon sa bahay naglingkod bilang katulong at dahil sa sipag at tiyaga na makaahon sa kalagayan bilang DH, nagpapart time bilang massage sa labas pag may extra time o day off at dahil sa sipag, tiyaga at diterminasyon sa buhay na maka-ahon, s'ya ngayon ay trainor na sa aerobics sa isang gym dito sa Kuwait. Business na tulad din nito ang kanyang gustong maitayo sa 'Pinas. "Save your money!" Ang kanyang payo. Payo n'ya sa atin, huwag pagbigyan ang luho ng pamilya kung di rin naman masyadong importante. Dahil sa sinasahod na ika n'yay bitin, sa mga gastusin sa sarili na dapat punan, at pamilya sa 'Pinas na dapat suportahan. Kaya kailangan "wise!" sap era. Ngayon extra income din n'ya ang selling mga health products.

Pang-apat si Sir Mario di tunay na pangalan, 13 years na sa Kuwait, pamilyado sa Pilipinas at may apat na anak. Sa usaping sahod kailangan daw na budgeted, lagi maging matipid at kailangan ng part time extra income, 'yan ang kanyang gawain after duty sa umaga hanggang tanghali, uwi saglit, at papasok ng hapon o bandang gabi sa isang part time job n'ya na direct selling company. At plano sa 'Pinas optional daw, kaya nga dapat lagi at kahit papaano may naitatabi kahit kaunti para sa plano sa 'Pinas pag-uwi, at dahil hanggang ngayon inaasahan pa s'ya sa pag-aaral ng mga anak kailangan madiskarte sa pera, dagdag pa n'ya. Tingin naman n'ya sa naging buhay sa Kuwait, abnormal daw. Noon maganda ayon sa kanya, ngayon tila atang di tulad noon, dahil ngayon kahit anong laki ng sahod n'ya di enough at nagmahalan pa ang mga bilihin dito, 6 months na nakalipas. At payo naman ng ating kapatid sa mga Kababayan, kailangan may pangarap ka sa buhay dahil kung wala, walang direksyon. Tiyaga, disiplina sa sarili isa sa pinakamahalaga, 'wag umasa kahit kanino, 'wag maging maingitin sa kita ng iba, kailangan magsikap. Di tulad ng iba gumagawa ng masama o di magaganda para mabuhay lang sa Kuwait.

Pang-lima sa ating nakausap si Auring di rin tunay na pangalan 15 years na sa Kuwait nagtatrabaho sa isang sweets at chocolates company. Kung salary ang pag-uusapan tipid na tipid daw talaga, at hating-hati sa mga priority ang mga kailangan. Magsikap sa pagtatrabaho at maging maingat sa kinikita 'wag gagastusin sa walang kwenta bagay at kailangan may maitatabi. Kaya nga kahit day off ni sister simpleng buhay lang, nasa bahay lang at kung di rin naman importante di na ugaliin pang lumabas at baka magastusan pa ng husto.

Pang-anim sa ating napiling naka-usap ay si Mohammad Ibrahim tubong-Mindanao, 17 years na sa Kuwait, pamilyado na sa atin, sa kita naman talagang budgeted at kapos. Tipid lagi sa pera. Sa buhay n'ya dito mahirap makaraos sa maliit na sinasahod konti lang ang ginhawa pero kailangan pagtiisan. Magkaroon ng maliit na tindahan para kahit papaano may konting kita. Payo naman nya sa ating mga Kabayan, pag bago sa Kuwait, alamin ang mga alituntunin at batas dito, tiyakin na may work contract o papeles at kung ano ang mga regulasyon tiyakin sinusunod ito at gagampanan. At sana maging mabuti sa mga Amo at marunong makisama sa lahat.

Iba't ibang payo at iba't ibang kulay ng kwento dito sa Kuwait ang pwede nating gawing inspirasyon at basehan ng buhay na sana'y ating mapulutan ng aral. Akin po kayong iniimbitahan na ibahagi din ang inyong mga kwentong buhay dito sa Kuwait sa anumang aral o kaalaman na pwede ninyong ibahagi sa amin. Atin po itong ilalathala sa mga susunod pang serye ng ating MAKI-alam! Salamat po at pagpalain nawa tayo ng Maykapal.



january .indd Sec1:7 1/24/11 10:17:47 AM

PAG-ARALAN ANG ARABIK

Ni Usta. Halima Mantawil, Asst. Executive Director, Women Section, KPCCenter

Lesson 20

Ang kahulugan sa Tagalog	Pagsasaling titik	Magkakasama na titik ng salitang Arabik
Mga salita	Al- kalimat	الكلمات
Ngayon	Al –an - Al yawm	الأن – اليوم
Mamaya	Ba'dain – Ba'da qaleel	بعدين – بعد قليل
Bukas	Ghadan - Baakir	غدا – باكر
Kahapon	Ams	امس
Nakaraan	Maadh - Faat	ماض – فات

Mga Katinig

Harakat

Fathah = "a"

halimbawa بَ = Ba

Kasrah= "I"

halimbawa بِ = Bi

Dammah "u"

halimbawa بُ = Bu

Ang Alpabetong Arabik

Raa ر	Dhaal ذ	Daal د	Khaa خ	Haa ح	Jeem ج	Thaa ث	Taa ت	Baa ب	Alif أ
Faa ف	Ghaieen غ	Aieen ع	Zaa ظ	Taa ط	Daad ض	Saad ص	Sheen ش	Seen س	Zaa ز
	Yaa ى	Yaa ي	Haa ه	Waaw و	Noon ن	Meem م	Laam ل	Kaaf ك	Qaaf ق

Para sa mga Filipinong nais mag-aral ng Arabik na LIBRE, tumawag lamang sa ating KPCCenter, 24712574 extention 111 sa mga babae, at extention 102 sa mga lalaki.

january .indd Sec1:8 1/24/11 10:17:47 AM



Mga sagot ni Skh. Abdulhadie Gumander na itinala ni Bro. Abdullah Tabing

TANONG AT SAGOT

Ang Lottery, Ending At Raffle Ticket

Tanong: Isa akong balik Islam na nagtratrabaho sa isang cooperative society dito sa Kuwait. Sa pagkaka-alam ko po ng dahil sa hirap ng buhay , minsan po ay dumarating ang oras na tayo nakikipagsapalaran at dito pumapasok sa time na sa kasagustuhan nating kumita ng instant o pangmadalian ay nakukuha po nating tumaya sa lottery, raffle, ending, at kung anu-ano pang gawaing malaki ang tinatamaang salapi o kasangkapan sa bahay at iba pa. Dahilan na ito ay ating kinagisnan sa kulturang Pilipino , bilang isang balik Islam gusto kopong malaman kung tayo ay pweding makilahok sa mga gawaing ito? Isa rin po sa napansin ko dito sa Kuwait maraming company ang gumagamit ng mga ganitong marketing strategy sa mga kani-kanilang produkto tulad po ng ganito (buy this product and you get a raffle ticket something like that) tama po ba ito.

Maraming salamat po sa inyong kasagutan at nawa po ay sa inyong mga sagot ay magamit din ng inyong lingcod para sa kapakanan ng iba pa nating kapatid na muslim na kulang parin sa kaalaman sa mga bagay na ito.

Sagot: Bismillah Alhamdulillah Wassalatu Wassalamu Ala Rasulillah, Waala Alihi Wasahbihi. Ang isang Muslim o taong matuwid sa kanyang pananampalataya ay nagsusumikap na maghanap buhay o kumita sa tama o lehitimong pamamaraan at hindi dapat gumawa ng mga ipinagbabawal kahit gaano naghihirap sa buhay. Subalit dapat tayong maging maingat sa ating panghuhusga sa anumang pananalaping transaksyon sapagkat ito ay isang kritikal na mga paksa sa Sari›ah (Islamic Law). Sa pagkakaalam natin sa tinutukoy mong lottery, ending o last digit sangayon kamo sa nakagisnang kulturang Pilipino ay kabilang sa tinatawag na gambling o pagsusugal na ipinagbabawal. Pumapasok dito ang mga makabagong pamamaraan, ang raffle o coupon tickets na sadyang ibinebenta o binibili para makipag-sapalaran kung sakali ay pumapasok ang pagkakataon sa kagustuhang kumita ng instant o pang madalian at kung anu-ano pang mga gawain malaki ang tinatamaang salapi o kasangkapan sa bahay. Ayon sa napagkaisahan ng mga pantas sa Islam, lahat ng pananalaping transaksyon na mayroong pustahan o tayaan ay isang sugal o kaya ay «maysir» at malinaw na ipinagbabawal sa banal na Qur›an 4:90 na kung kaya ay hindi pweding makilahok sa mga gawaing ito ang sinumang Muslim o Balik- Islam, sapagkat ang Balik- Islam ay isa ring Muslim na nararapat na sumunod sa katuruan sa Islam. Ayon sa mga pantas na Al- Shafi›eyah (Kaawaan sila ng Allah) ang sugal «maysir» ay kapag itaya dito ang salapi mula sa dalawang panig o nagpustahan na ang kasunduan ay kung sinoman ang mananalo sa kanila ay siyang makapag-aangkin ng salaping ito. At ayon kay Ibno Al-Qayyim (Kaawaan Siya ng Allah), ang pakiki-pagsapalaran (al-mukhatarah) ay dalawang klase; una ay pakiki-pagsapalaran sa pangangalakal, at ang ikalawa ay ang pakiki-pagsapalaran sa sugal na nabibilang sa pag-aakin ng salapi sa may kabaluktutang pamamaraan, na ipinagbawal ng Allah at ng kanyang Sugo (Sumakanya ang kapayapaan).

Tungkol naman sa raffle tickets o mga kupon na ipinamimigay ng mga kumpanya o mga tindahan para sa kanilang mga customers kapalit ng pagbili sa mga items o produkto ay isang makabagong pamamaraan o marketing strategy bilang promotion o pagtataguyod. Isang isyu din na hindi napagkaisahan ng mga pantas o mga nag-uusisa sa mga batas.

1- Bawal (haram), ayon sa kay Al-Sheikh Abdulaziz Bin Baz (kaawaan siya ng Allah), ang dating Mufti ng bansang Saudi Arabia at sa kay Al-sheikh Salih Al-Fawzan isa sa mga malalaking pantas sa Saudi, at sang-ayon din sa fatwa na inihayag ng katipunanng Sudanese Jurisprudence sa Sudan. Isang pag-aaral din na inihanda ni Dr. Abdullah Al-Zubair Abdulrahman, directorng isang sentrong para sa pag-aaral ng Qur›an at Sunnah sa Sudan ay nagdagdag ng mga paliwanag, ayon ditto ang mga pangaral o promotion sa pamamagitan ng raffle ay bawal sapagkat nabubuo dito ang tatlong bagay:

Una: Ang paligsahan (munafasah) at nauugnay sa paligsahan ito ang salapi.

Ikalawa: Ang pakiki-pagsapalaran(mukhatarah) sa pamamagitan ng salapi.

Ikatlo: Ang pagbabahagi (musharakah) ng mga nagpapaligsahan mga cutomers. Kaya ang ganitong transaksyon kapag nabubuo itong tatlong sangkap ay siyang tunay na sugal na ipanagbabawal sang-ayon sa napagkaisahan ng mga Jurists (Fuqaha) sa Islam.

2. Ipinahintulot (Ja›iz), ayon kay Al-Sheikh Mohammad Bin Salih Al-Uthaimin (Kaawaan siya ng Allah) isa sa mga malalaking pantas saSaudi. Ayon sa kanya,ipinahintulot sa may dalawang kondisyon:

Una: Kung ang halaga ng produkto ay hindi tinaasan ng may-ari nang dahil sa pagkakaroon ng raffle na ito,sapagkat ang bumili ay mawalan dahil sa itinaas na halaga at maaaring mapanalo ang humihigit na halaga bilang promotion.

Ikalawa: Kung ang bumibili ay hindi bumili sa kompanya na iyon o hindi niya binili ang produkto dahil sa gusto niya o kaya ay kailangan niya kundi para lamang sa promotion o kaya ay para makatanggap ng kupon at para makilahok sa raffle. Ang Opisyal na Sentro ng Ifta sa Bansang Emirates ay nakapaglabas din ng Fatwa na nauukol ditto.

Kaya, sa pag-aaral natin sa mga Fatwa o mga pananaw ng mga pantas, nakikita natin na bawal ang sadyang gumawa at bumili ng mga kupon tickets para makipagsapalaran at makilahok sa paligsahan o raffle draw, sapagkat ito ay isang uri ng sugal ayon sa napagkaisahan ng mga pantas. At tungkol naman sa paggawa ng mga kupon o raffle tickets bilang parangal at sa pagbili ng mga items o produktong may promotion,pagkatapos ay napagkalooban ka ng kupon o raffle ticket ay tama din at walang kasamaan na punuin at ihulog sa mga drop boxes na itinakda hinggil dito, kung naaayon sa nabanggit na mga kondisyon.

Ang Allah lamang ang higit na nakakaalam!



Para sa nais magtanong, mag-email sa: joselitotabing@gmail.com

january .indd Sec1:9 1/24/11 10:17:50 AM



MINDANAO: TUKLASIN NATIN

Ni Ust. Abubaidah Salud Satol
Translator/News Editor
Ministry of Information
Kuwait



KABUNDUKAN AT MGA BUROL

kabilang ang iba't-ibang istraktura nito at mga bulkan

Ang mga kabundukan sa Mindanao ay nahahati sa limang uri, kabilang ang iba't-ibang istraktura nito at mga bulkan. Ang istraktura ng kabundukan sa silangang dulo at kanlurang bahagi ng isla ay nakikitaan ng malawak na bahagi ng «Mesozoic rock» na may napaka-simpleng uri ng bato sa ibabaw, lalo na sa mga dalampasigan ng silangang bahagi ng isla. Ang mga «surface rock» o mga pang-ibabaw na mga bato sa ilang mga lugar sa isla ay karaniwang matatawag na «Tertiary and Quarternary volcanic o sedimentary.»

Ang nakahilerang kabundukan sa tabi ng silangang dalampasigan, mula sa Bilas Point sa Surigao del Norte patungo ng Cape Agustin sa timog-silangan ng Davao, ay makikitang iba›t-iba ang taas, na ang hilagang bahagi nito ay tinatawag na kabundukan ng Diwata. Ang malawak na kabundukang ito ay hindi gaano mataas at ito›y pababa-nang-pababa hanggang sa kalagitnaan ng bahaging lambak.

Ang Diwata Mountains, sa hilagang bahagi ng mababababang kabundukan ay maituturing pa ring mataas na daanan at lubak-lubak, na aabot sa taas na mahigit dalawang libong metro pababa, mula sa may labing pitong milya mula sa hilagang-silangan ng Butuan City. Ang timog na bahagi ng silangang dalampasigan ay mas-malawak at higit na baku-bako kaysa hilagang bahagi nito. At sa silangang bahagi ng Davao ay may iilang matataas na kabundukan na aabot sa dalawang libo at limang daang metro hanggang dalawang daan at walong daang metro.

january .indd Sec1:10 1/24/11 10:17:52 AM



Ni AbdulQadir E. Laja

Tubbataha Reef

Sa gitnang-laot ng Dagat Sulu (sa Pilipinas), may matatagpuang tangrib (coral reef formation), na ang bahagi nito ay lumilitaw sa pagkati ng tubig (low tide). Ang tangrib na ito ay kilala sa buong mundo sa pangalang Tubbataha Reef. Madalas nangingisda dito ang tribung Samal ng Sulu at Palawan. Ang Tubbataha Reef ay binubuo ng magagandang corals o tumpok ng mga batong-bulaklak sa dagat, nakalatag sa mahaba at maputing buhangin, apat na dipa lamang mula sa ibabaw ng dagat.

Matatagpuan ang Tubbataha 182 kilometers south-east ng Puerto Princesa. Nahahati ito sa dalawa, ang North Reef (ang malaki) na may 16 kilometers ang haba at 5 kilometers ang lapad. Ang isa yung tinatawag na South Reef, 5 km ang haba at 3 km naman ang lapad. Ang pangalang "Tubbataha" ay mula sa salitang Samal nangangahulugang "Santuwaryung-dagat lumilitaw sa pagkati ng tubig (low tide)".

Makikita sa Tubbataha ang 260 uri ng mga corals, ang ilan sa mga ito ay pinakamagandang corals sa buong mundo. Ang Tubbataha Reef ay tahanan ng 378 uri ng mga isda. Dahil sa mga ito, naging destinasyon ng mga nature lovers, adventurers at divers. Makikita sa tangrib na ito ang ilan sa malalaking isda, tulad ng barracuda, tuna, lionfish, clownfish, at iba pa. Makakasalamuha din ng mga divers ang maraming manta-rays, sharks, tortoises, scorpionfish, lobsters, at iba pa.

Noong 1988 inihayag ang Tubbataha Reef bilang Philippines' First National Marine Park. Tinanghal din ng UNESCO (noong 1993) bilang World Heritage Site. Dahil sa ganda ng Tubbataha Reef at taglay nito ang tinatawag na perfect ecosystem, masasabi natin na malaking biyaya ito ng Maylikha sa atin sa Pilipinas, at biyaya na rin sa lahat ng Sangkatauhan.

january .indd Sec1:11 1/24/11 10:17:54 AM

LIBANGAN ISTILONG KUWAIT




Maipagmamalaki ng karamihan sa mga Kuwaiti na ang kanilang bansa ay kabilang sa mga bansang nagbabawal ng pag-inom at pagbebenta ng alak. Maaaring magtaka ang marami, papaano nagkakaroon ng kasayahan ang mga nakatira rito?

Ang mga Kuwaiti ay mahilig mamasyal, tulad ng pagpunta sa mga tabing-dagat o sa disyerto. Sa tabing-dagat, ang isa ay maaaring mangisda, mamangka, maligo, gumamit ng jet ski o water skis. Sa disyerto naman ay maaaring mag-kamping, mangaso, sumakay ng isang buggies o maglakad-lakad.

Maraming mga malls sa Kuwait, at marami sa mga Kuwaiti, lalo na ang mga kababaihan – ay malimit mamalagi roon. Sa pagpunta sa pamilihan ay karaniwang magkasabay o magkakasama ang buong pamilya o mga magkakaibigan. Sa ganitong paraan ang buklod ng pagkakaibigan ay pinanunumbalik ng isa›t-isa habang nagsa-shopping, kumakain o naglalakad lang sa paligid. Maraming mga malls ang mayroong modernong mga sinehan, kaya karamihan ay gumugugol muna ng ilang oras sa mga pamilihan bago manood ng mga palabas.

Ang pagkain ay mahalaga sa kultura ng mga Kuwaiti. Sila ay karaniwang kakain ng pananghalian sa kani-kanilang mga bahay, ngunit ang hapunan ay mas madalas sa labas. Mayroong iba›t-ibang mga restawrang mapagpipilian. Kahit saan ka pumunta may mga maliliit na mat'am na nagbebenta ng mga sandwiches tulad ng falafel at shawarmas (hiniwa-hiwa na karne ng baka o manok). Ang ganitong mga mat'am ay karaniwang tinatawag na Arab o Kuwaiti fast foods. Hindi lamang masasarap ang mga pagkain dito, kundi mura pa, kung kaya kayang-kaya sa budget.

Ang mga kalalakihang Kuwaiti ay mahilig mamalagi sa mga Diwaniah, kung saan ginagawa ang pagtitipun-tipon sa isang bahay. Ang Diwaniah ay kadalasang ginaganap sa gabi, at ang bawat grupo ng mga miyembro ng pamilya o kaibigan ay may kani-kanilang mga diwaniah sa isang araw ng linggo. Ang isang lalaking Kuwaiti ay dumadalo ng hindi kinukulang sa dalawang diwaniah sa isang linggo. Sa lugar na ito madalas mapag-usapan ang mga isyu tungkol sa buhay, kultura, palakasan at ang pinaka-mahalaga -pulitika. Dito bukod-tangi ang mga Diwaniyah, sapagkat halos lahat ng mga bansa sa gitnang silangan, ang pakikipag-usap tungkol sa pulitika, at ang pamimintas sa gobyerno ay ilegal at maaaring dahilan sa pagkakasangkot ng gulo. Ayon sa Wikipedia, «Ang Diwaniah ay tinatawag na isang simbolo at patunay ng pagkakaroon ng demokrasya ng bansang Kuwait, kung saan ang mga tao ay Malaya para pag-usapan ang kahit anong gusto nila nang walang takot sa mga paglilitis».



january .indd Sec1:12 1/24/11 10:17:56 AM



Mga Asal at Kaugalian ng Pamayanang Kuwait

Ang Kabanalan ng Isang Tahanan. *Hindi katanggap-tanggap sa pamayanang Kuwaiti ang pagsilip sa loob ng pamamahay kapag ang pinto ay nakabukas, ganoon din ang paninilip mula sa mga bintana o sa ibabaw ng bubungan o mga bakod. Iwasan ding ma-istorbo ang mga kapit-bahay sa anumang dahilan, gaya ng pagtaas ng boses o paghihigpit sa daan at parkingan ng sasakyan o pagtitipon-tipon sa harapan ng pamamahay ng iba.*

Ang Lingguhang Pagtitipun-tipon ng Pamilya. *Lalong dumadalas ang pagtitipun-tipon ng pamilya kapag sa mga araw ng Kapistahang Islamiko (Eid) at sa iba pang mga okasyong pampubliko at panlipunan tulad ng kasalan at iba pang mga lingguhang pagbibisitahan. Nag-uugnayan sa isat-isa ang mga pamilyang Kuwaiti sa pamamagitan ng pagbibisatahan. Isinasagawa ng mag-asawa sa bawat pamilyang Kuwaiti ang pagbibisita sa mga miyembro ng pamilya ng bawat panig, kasama ang kanilang mga anak.*

Ang Pananamit. *Isa sa mga napakahalagang bagay ay ang kalinisan ng damit at ang kawalan ng dumi (najis) nito. Ang mga kababaihang Kuwaiti ay nagsusuot ng mga tradisyonal na damit sa kabila ng pagpasok ng makabagong uso (western style) sa pamayanang Kuwaiti. Ang damit na kinahihiligan ng mga kababaihang Kuwaiti ay ang Abaya, kung saan maluwang ito at natatakpan ang buong bahagi ng katawan at pagtatakip ng buhok (hijab) – ang ilan sa kanila ay nagtatakip ng bahagya sa kanilang mga mukha at ang iba naman ay ang kanilang buong mukha (niqab). Gumagamit naman ang mga kalalakihang Kuwaiti ng tinatawag na (Dish-dashah). Ito ay ang putting damit na maluwang at may ghutrah at iqal o ang itim na tali para panghigpit sa ghutrah.*

Pamunuan Ng Pamilya at ang mga Tungkulin Nito. *Pangangalaga ng mga matatanda, kung saan ang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan ang pangunahing tungkulin sa bawat pamilyang Kuwaiti. Ang bababeng asawa ay may malaking tungkulin sa pagbibigay ng tamang direksyon ng pamilya at ang miyembro nito.*

Ang Public Trust at ang Pag-aasal ng Pamayanan. *Ang pag-iingat sa mga sikreto ng tahanan at pag-iwas na ito ay maging paksa ng usap-usapan sa pagitan ng mga katulong sa bahay o ng kanilang mga kaibigan. Paggalang sa mga nakakatanda at pagmamahal sa mga maliliit pa. Pagpapaalam kapag pumasok sa pamamagitan ng pagkatok sa pintuan, lalo na kapag ang padre de pamilya ay naroong nag-iisa sa oras ng kanyang pamamahinga. Paggamit ng mainam na mga salita sa pakikitungo sa bawat miyembro ng pamilya, tulad ng pagsabi ng Assalamo 'alaikom, pagpapaalam o pakikiusap (please o excuse me), pagbabatian sa mga Eid o mga okasyon, tulad ng pagsabi ng Eid Mubarak, Ramadhan Kareem, o Mabrook, pagbati kapag nagbigay ng regalo o mga tulong, tulad ng shukran, jazaakallahu khair, o biyayaan nawa kayo ng Allah. Ang pakikipag-usap na maayos at magalang na salita sa lahat ng mga miyembro ng pamilya at ang mga trabahador nito. Pag-iingat sa mga pagmamay-ari ng pamilya at pagpapaalam bago ang mga ito ay gamitin. Ang pag-ingat sa pagitan ng mga kalalakihan at kababaihan at pag-iwas ng paghahalo-halo ng mga kalalakihan at kababaihan, lalo na sa mga kabataan, gayundin ang pag-uusap ng mga kababaihan at kalalakihan sa masinsinang paraan at sikreto. Mabuting pagtanggap ng bisita at hindi mataas na pakikipag-usap sa kanila. Pag-iwas sa personal na katangian ng tao at sa panghihimasok sa personal na katangian ng mga miyembro ng pamilya. Sinseridad sa pakikipag-usap at sa paraan na hindi makapag-babalewala sa kahalagahan at pakikitungo sa tao. Pag-iwas sa mga walang kwentang salita at mga malalakas na halakhak o tawanan sa loob ng pamamahay.*



january .indd Sec1:13 1/24/11 10:17:57 AM

BISAYA

Ang Yutang Saad

Ni Sister Sarah Mailyn Rodriguez



Ang Mindanao mao ang ikaduhang kinadak-ang pulo sa Pilipinas. Usa kini sa tulo ka mga pundok sa mga pulo sa nasod; ang laing duha mao ang Luzon ug ang Kabisay-an. Ang rehiyon unang naabot sa mga Arabo ug Malay nga mipasabwag sa tinuhoang Islam sa ika-13 siglo. Misunod ang mga Katsila sa ulahing bahin sa ika-16 nga siglo ngadto sa sayong bahin sa ika-17 nga siglo. Ang mga prayle unang misabwag sa Katolisismo sa maong pulo sa tuig 1622.

Kadaghanan sa mga Muslim sa nasod namuyo dinhi. Ang uban pang pundok sa mga tawo nga nanimuyo sa Mindanao mao ang mga etnikong pundok sama sa mga Maranao ug Tausug ug ang pundok sa tribung kolektibong gitawag Lumad. Dili ang tibuok Mindanao ang nasakop sa mga Muslim. Gani, ang amihanang Mindanao, labi na ang katawhan sa Butuan, mga animistiko sa wala pa sila mobalhin sa Kristiyanismo.

Usa ka mapait nga pakigbisog alang sa kagawasan gipanghingusgan sa lain-laing mga paksiyon sa Muslim nga populasyon sa Mindanao sulod na sa lima ka siglo. Ang mga sundalo sa Espanya, Estados Unidos, Hapon, ug sa Pilipinas mismo wala makapugong sa ilang kagustohan nga mahimuwag sa mas dakong Kristiyanong nasod. Tungod sa dinagkong mga pag-ilog sa kayutaan ug ang pagsulod sa mga internal nga imigrante ngadto sa Mindanao, ang mayoriya sa populasyon sa Mindanao ning panahona dili na Muslim.

Ning pipila ka mga tuig ang nakalabay, ang erya gitutokan sa medya tungod sa pagdaghan sa mga teroristang organisasyon nga giingong may kalabotan sa pakigbisog didto sa Tunga-tungang Sidlakan. Giingong ang Mindanao nasudlan na sa mga elemento sa Jemaah Islamiyah. Ingon man ang Abu Sayyaf gipasinglang terorista, usa ka butang nga nagguba sa matinud-anong panawagan alang sa kagawasan sa mas moderadong mga pundok sama sa Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Usa ka pulo sa habagatang bahin sa nasod, ang Mindanao may gidak-ong 94,630 kilometro kuwadro (mas gamay sa Luzon sa mga 10,000 km²). Ang pulo may daghang bungtod, ug maoy nahimutangan sa Bukid Apo, ang kinahabogang bukid sa nasod. Sa kasadpan sa Mindanao makita ang Dagat sa Sulu, sa sidlakan ang Dagat sa Pilipinas, ug sa habagatan ang Dagat Celebes.

Ang pundok sa mga pulo nga gitawag Mindanao naglakip sa pulo sa Mindanao mismo ug sa Arkipelago sa Sulu sa habagatang-kasadpan. Ang pundok sa mga pulo gibahin ngadto sa unom ka mga rehiyon ug 25 ka mga lalawigan.

january .indd Sec1:14 1/24/11 10:17:59 AM

BASA A MORO



Inisulat ni Ust.Marouf Baraguir Ali
Da'iyah & Social Researcher
Asst. Executive Director, Men Section,
KPCCenter

So Hadis a ikasapulo endo pito

17- nakabpon kani ama ni Ya'ala a si Shaddad a wata mama ni Aos a naliliniyan sekanin nu Allah, nakabpon kanu rasoolollah a inikalimo no Allah nando sinagiyahatra nin pidtalo nin : (Sabensabenal su Allah na inibpalyugatin su kabpipiya kanu langon u enggagasya, amayka mamuno kanu na ebpipiyani nu su kabuno, endo amayka semumbali kanu na ebpipiyani nu su kasumbali, endu pakagalangen nu umani isa salkanu su gelatin (matalem a ipanumbali) endo patelenin su pedsumbalinin).

Napanudtol ni muslim

Su manga balaguna nando pangagi a nakua kanu nan a hadis:
1-Su limu nu Allah kanu langon nu engagaysa a pinamaloy nin sabap sa inisugo nin I ebpipiyanan.
2-Su kabpipiya kanu kabunu kanu engagaysa a nahalal I kabunu lon.
3-Su kabpipiya kanu binatang a pedsumbalin na dait a magalang su matalem (gelat,badong..) sabap sa endo malmu I kapedsumbali lon para dinin magdam su masakit sa mauget,nando dait a papangintelenen su pedsumbalin ka endo malmu I kabedsumbali lon nando mangagan.

Ni Usta. Pahima Guiabal
Da'iyah & Cultural Field Worker,
KPCCenter Women Section

KAPAMANDO SA AGAMA

Nambityala tano sa nangaipos anya ulan-ulan so makapantag sa sunggudan a so ento na nabaloy a paganayan a kawagib o babay kano kaluma nin. Kagina ka mayto na ya tano manem mazabanding sa saguna banya kutika na so KAPAMANDO SA AGAMA bilang ikaduwa a kawagib o babay. So kapamando sa agama na kaped inya a kawagib o babay kano kaluma nin a mama, so mama na sekanin i napaliyugatan a mamando kano kaluma nin a babay. Kano timpo pan a wata so taw labi den so manga suled nami a manga babay na ya napaliyugatan a mamando sa kanilan makapantag kano agama Islam na so duwambala a manga lukes nilan sa ya mayto na ipamando kano manga wata so mapya ukit-ukit, adat, rispito, kapya na paparangayan ya masla na panon i katuntay no manga wata kano Qur'an a kadtalo no Allah. Sabap lo na guna makasampay so wata a babay sa nakagkaluma den sekanin na nakaalat so ento a sangan no duwambala a lukes sa siya den nakaalat manem kano kaluma nin sa ya mayto na so mama na dayt den salkanin i mapamando nin so kalumanin a babay sa agama: panon i ukit-ukit a kazambayang namay mambo ka dili mataw so ento a babay zambayang, mayto bon so manga dayt-patot a enggulan no babay namayngka mauma sekanin a basa.

So kapanuntot sa elmo na inisugo abnal inya siya kano agama tano a agama Islam, ya kadtalo no Nabi Muhammad (SAW): ((Panuntot tano so elmo sa iganat sa puyutan taman sa pakuburan)). Ya ma'na no niya ba a Hadeeth na iniwagib kano pizinakatawan i kapanuntot sa elmo sa taman pan a bibiyag so taw magizan i mama atawka babay, niya ba so kadtalo no Nabi Muhammad (SAW) a isa a Hadeeth: ((So kapanuntot sa elmo na iniparado (iniwagib) kano uman i muslim mama babay)). So mama na namayngka dala makapangagi sa agama, na paganayan na mangagi sekanin, udi manem gkasulot i mangay sa madrasa na mangingiza kano manga taw a namakasabot kano agama na endo mamatya sa manga kitab a pantag sa Islam sa endaw i kasabutan nin a basa ka para minggulalan nin na endo mipamando nin kano kaluma nin taman den kano manga wata nilan.

Italos tano bo o miyog so Allah…

january .indd Sec1:15 1/24/11 10:18:00 AM



PINOY RECIPE

Ni Sis. Um Ismael



PAGGAWA NG ITLOG NA MAALAT

PARAAN:

1.Paghalu-haluin ang 12 tasang luwad(uri ng putik) at 4 tasang asin. Unti-unting lagyan ng tubig hanggang maging pantay ang halo.

2.Maglagay nito (makapal) sa ilalim ng loob ng palayok.

3.Balutan nito ang bawat itlog.

4.Isalansan ang mga ito sa palayok, na may mga 2 ½ cm pagitan upang maiwasan ang pagkabasag.

5.Takpan muli lahat ng luwad pa na may asin at itabi nang mga 2 linggo (15 araw).

6.Pagkalipas ng ganitong panahon, sumubok ng isang itlog. Pakuluan nang hindi iinit sa 100°C. Kung matabang pa, tagalan pa ang pag-iimbak sa luwad.

7.Pag husto na ang alat, ilaga ang mga itlog nang mga 15 minuto na ang init ay hindi aabot sa 100°C.

8.Kulayan ng pula kung nais.

KALDERETA

MGA SANGKAP:

1 kilong karne, hiniwang pansubo at binabad sa marinade nang magdamag
1 tasang mantika
1 ulo ng bawang, pinitpit
2 malaking sibuyas, tinadtad
1 latang tomato sauce
6 patatas, pinag-apat
3 pulang sili, pinag-apat
1 tasang gisantes
½ tasa olives
2 kutsarang asin
Tabasco sauce, kung nais

MARINADE:

1 ulong bawang pinitpit
1 tasang suka
1 kutsarang asin
¼ kutsarang paminta

GRAVY: (lutuin nang bukod)

¼ kilong atay, giniling
2 kutsarang bread crumbs
2 kutsarang suka
1 tasang sabaw
1 kutsarang asin
¼ kutsaritang paminta

PARAAN NG PAGLULUTO:

1.Ibabad sa marinade na magdamag ang karne.
2.Iprito at itabi muna.
3.Igisa ang bawang, sibuyas at kamatis
4.Ihulog ang karne at lagyan ng sabaw na magpapalambot
5.Idagdag ang patatas at siling pula
6.Idagdag ang graving atay at mga palasa, gisantes at olives
7.Ihain nang mainit

(Source:Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)

january .indd Sec1:16 1/24/11 10:18:02 AM



Paano Matatamo Ang Mas Maginhawang Pagtulog sa Gabi

Ang mga sumusunod ay bumabalangkas sa mga mababuting kagawian sa pagtulog at nagbibigay ng mga patnubay kung paano haharapin ang mga pangkaraniwang dahilan ng suliranin sa pagtulog.

PAGPAPANATILI NG TAMANG KAPALIGIRAN SA PAGTULOG. *Ang pahirap na dulot ng kumukulong sikmura, mga walang tigil na kirot sa katawan, o ang pagkaramdam ng sobrang init o lamig ay maaaring humadlang sa ating lubos na pagrerelaks upang makatulog. Kaya't mahalagang tugunin muna ang lahat ng ating mga madaliang pangangailangan bago natin subukang matulog. Ang ingay sa gabi, gaya ng trapiko, ay isa pang karaniwang pinagmumulan ng suliranin sa pagtulog. Kahit pa hindi tayo nagising nito at hindi rin natin maalala ang mga ingay kinabukasan, ang mga ingay ay maaaring makasagabal sa ating normal na gawi ng pagtulog. Kung tayo ay matutulog sa isang lugar na mauuwi sa maingay, dapat nating subukang hadlangan ang ingay sa pamamagitan ng pagsara ng mga bintana at pinto o pagsusuot ng mga earplug. Ang silid na maliwanag ay hindi nakakatulong sa atin upang makatulog. Kung tayo ay nahihirapang makatulog, kailangan nating padilimin ang silid upang masigurong hindi tayo magigising sa liwanag ng umaga.*

MAGLAAN NG ORAS-NG-PAHINGA BAGO PA MATULOG. *Dapat tayong huminto sa pagtatrabaho ng kahit mga 30 minuto man lang bago matulog at gumawa ng naiiba at hindi nakaka-istres na gawain, gaya ng pagbabasa, panonood ng telebisyon, o pakikinig ng musika.*

PAG-UUGNAY NG INYONG KAMA SA MISMONG PAGTULOG. *Mga gawain gaya ng pagkain, pagtatrabaho, panonood ng telebisyon, pagbabasa o pagtatalakay sa mga pang-araw-araw na suliranin ay maaaring mag-ugnay sa ating kama sa pagiging gising at alisto sa halip na sa pagka-antok at pagdapo ng tulog. Kung ikaw ay isang taong nag-uugnay sa pagiging gising sa ganitong mga gawain, ipinapayo na pigilan mo ang sariling magsagawa ng ganitong mga gawain sa higaan.*

MAKAYANANG DALHIN ANG ALALAHANIN AT AGAM-AGAM. *Isa sa pinakakaraniwang dahilan ng suliranin sa pagtulog ay ang pag-aalala. Maraming tao ang nahihirapang magpahinga sa kanilang paghiga sa kama pagkatapos ng nakakapagod na araw. Kadalasan nito ang unang pagkakataon na mapag-iisipan nila ang kanilang sarili na nag-aalala sa kanilang mga suliranin habang nakahiga sa kama sa halip na natutulog. Ang mga nararamdamang tensyon at pagkapukaw na kaakibat ng ganitong mga pag-iisip ay nagpapahirap lalo upang makatulog, at ang mga tao ay mangangamba tuloy sa kanilang di-pagkatulog pati na rin sa kanilang iba pang mga problema. Kung iniisip natin na tayo ay nahihirapang makatulog dahil tayo ay nag-aalala sa mga bagay na nangyari sa ating buhay, dalawang bagay ang maaari nating gawin upang paghusayin ang ating pagtulog. Una, maglaan tayo ng kalahating oras na 'oras ng pag-aalala' bago matulog. Maghanda ng lapis at papel sa ating tabi upang maisulat ang ating mga alalahanin at mga posibleng solusyon. Pangalawa, pag-iwas sa mga bagay na ikababahala natin bago tayo matulog. Ngunit kung sa palagay mo ay hindi ka pinatutulog sa gabi dahil sa depression, kausapin ang iyong doktor. Tayo ay naglalayong magbigay ng pangkalahatang impormasyon lamang. Hindi ito dapat gamitin bilang kapalit sa paghahanap ng propesyonal na tulong. (tmhc.nsw.gov.au)*

january .indd Sec1:17 1/24/11 10:18:03 AM

PANANAGUTAN



Walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang.
Walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang.
Tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa.
Tayong lahat ay tinipon ng Diyos na makapiling Niya.

Tulad ng sinasabi sa awitin, tayo ay may pananagutan sa ating kapwa at sa Dakilang Lumikha. Makakamit lamang ang kaganapan ng ating misyon kung tayo ay kikilos at gagawa. Gaano man kabanal ang ating layunin, kung mananatili lamang ito sa ating isipan at hindi isasagawa, bale wala rin. Kailangan isaisip tuwina na ang ating ginagawa sa araw-araw ay maaaring maging handog hindi lamang sa ating kapwa kundi maging sa Diyos na lumikha. Ayon kay Rick Warren, may akda ng aklat na The Purpose Driven Life, nilikha tayo para sa isang misyon. Ang misyong ito ay natatangi at dapat ibahagi. Natatangi dahil sa iyo Niya ito iniatas. Dagdag pa niya:

> Ang ating misyon ay may kahalagahan tungo sa pagkakamit ng buhay na walang hanggan. Binibigyang-kahulugan ng misyong ito ang buhay natin sa daigdig. Pinagkalooban tayo sa Diyos ng mahalagang mensaheng nararapat nating ibahagi sa ating kapwa. Nang tayo ay naging mananampalataya, naging tagapagdala na rin tayo ng mensahe ng Diyos.

Higit na nagiging makabuluhan ang ating buhay kung alam natin ang diwa ng pag-ibig at paglilingkod sa kapwa, paglilingkod na nagiging magandang handog para sa Diyos. Ito ang susi sa pagkakamit ng tunay na kaligayahan. Hindi ba't may mga taong sa kabila ng katanyagan, kapangyarihan at kayamanan ay malungkot pa rin. Bakit? Dahil nakasentro lamang sa sarili ang araw-araw nilang pamumuhay. Hindi sila marunong magbahagi sa kapwa. Bakit may mga tao namang hindi nga mayaman, walang kapangyarihan o katanyagan mang taglay, subalit maligaya at makabuluhan ang buhay? Sila ang mga taong natutuhang linangin ang sariling talino at lakas hindi lamang sa personal na kabutihan kundi para sa kabutihan din ng kanilang kapwa. (Project EASE, bse.portal.ph)

january .indd Sec1:18 1/24/11 10:18:04 AM



SARI-SARING KAALAMAN:

PC, Laptop at Information Technology

Ano ang ibig sabihin kapag ang computer ay «low on resources?»

Sagot:

Ang yaman ng isang computer unang-una, ay ang bilis ng pagpoproseso, hard disk storage, at memory. Ang kasabihang «low on resources» ay karaniwang nangangahulugan na ang computer ay wala ng memory. Ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang error na ito ay ang pagdagdag ng RAM sa iyong computer. Ang pag-upgrade ng RAM ang pinakamahusay na paraan upang mapabilis ang performance ng iyong computer, na hindi na kailangan pang gumastos ng malaki.

Ano ang pagkakaiba ng burning at ripping?

Sagot:

Ang «ripping» ay tumutukoy sa pagsipi ng mga files na audio mula sa isang CD at pagkopya ng mga ito sa iyong hard drive. Pagkatapos masipi ang mga audio, maaari mong isalin ang mga file sa mas compressed MP3 format kung nais mo.

Ang «burning»ay tumutukoy sa proseso ng pagsulat ng data mula sa iyong hard drive papunta sa isang CD. Maaari mong i-burn ang audio at data CD, pati na rin ang mga DVD, kung merong CD/DVD burner ang iyong computer.

Posible bang madagdagan ang bilang ng PCI slots sa aking computer?

Sagot:

Sa kasamaang palad, hindi na maaaring taasan ang bilang ng PCI slot sa loob ng iyong computer. Ang tanging option na mayroon ka, bukod pa sa pagbili ng isa pang computer, ay ang paggamit ng isang PCI tower, kung saan maramihan ang mga PCI slot. Ang PCI tower ay kumokonekta sa anumang PCI slot sa motherboard ang iyong computer. (Halimbawa, maaari nitong gawing anim ang isang slot.) Subalit, ito ay karaniwang ginagamit lamang ng mga taong gumagawa ng mga high-end video editing, at may kamahalan.

Ano ang pagkakaiba ng AGP at PCI graphics card?

Sagot:

Ang gamit ng AGP (Accelerated Graphics Port) cards at ng PCI graphics cards ay iisa. Ngunit ang AGP interface na gawa ng Intel ay naging mas popular sa mga PC. Ito ay dahil sa ang AGP card ay mas mahusay kaysa sa PCI card pagdating sa memory management. May kakayahan ang AGP interface na gamitin ang pangkaraniwang memory ng iyong computer pati ang video memory upang mas mapaganda ang performance ng video. Kaya kung mayroong AGP slot ang inyong computer, gamitin mo ang AGP. Ngunit kung mayroon ka lamang PCI slot,
ang PCI graphics card ay hindi naman gaanong naiiba.

(Abangan ang iba pang mga tips kung papano mapangalagaan ang inyong mga PC at Laptop. Ang bahaging ito ay hatid sa inyo ng CITC Computer Information Technology Centre, ang unang Filipinong akademiya ng computer sa Kuwait.)

january .indd Sec1:19 1/24/11 10:18:05 AM

MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon…)

Ni Issa Mohammad Tragua
http://jokesko.blogspot.com
e-mail: jorgetragua@yahoo.com





MISIS: hudas ka! Lagi kang umuuwing lasing, naaasar na ako sa mukha mo.
MISTER: pero mahal, kung hindi ako lasing ako naman ang maaasar sa mukha mo!!!

DOKTOR: Umubo ka!
PEDRO: Ugh! Ugh! Ugh!
DOKTOR: Ubo pa!
PEDRO: Ugh! Ugh! Ugh!
DOKTOR: Okay…
PEDRO: Ano po ba sakit ko doc?
DOKTOR: May ubo ka!

HUSBAND: parati na lang tayo away, maghiwalay na tayo!
WIFE: sige maghati tayo ng mga anak!
HUSBAND: akin ang mga gwapo at magaganda!
WIFE: ay sus, pinili pa yung hindi kanya!

1. trulalu
2. eklavu
3. eklavu
4. trulalu
5.eklavu
6. trulalu
7. trulalu
8.eklavu
9. trulalu
10. trulalu
- batang bading nagsasagot ng true or false na quiz

TITSER: sinong gusto pumunta sa langit? (Nagtaasan lahat maliban kay Pedro) Bakit ayaw mong pumunta Pedro?
PEDRO: Kasi Maam pinauwi ako ni mama ng maaga ngayon.

ANAK: wala akong kwentang anak para sa inyo! Lahat ng ginawa ko puro mali! Lagi na lang akong mali! Di nyo na ako mahal!
AMA: nagkakamali ka anak?
BOY: kita mo, mali na naman ako!!!!!

NARS: doc bat tinanggihan nyo yung pasyente?
DOC: alin, yung bakla?
NARS: opo, baka sabihin namimili tayo porket bading siya.
DOC: ano naman raraspahin ko sa kanya…?

APO: lola kumain ka na para gumaling na po kayo, kahit dalawang kutsara lang.
LOLA: lokong batang ito, lugaw nga di ko malonok, kutsara pa, at dalawa pa!!!

ALI: father bakit may nakasampay na daster, bra at panty sa may kumbento, may asawa ka ba?
PARI: kung aasa ako sa mga donasyon nyo di ako mabubuhay, kaya tumatanggap na lang ako ng labada.

NANAY: ang lakas mo kumain pero di ka mautusan. Ang kapal mo!
ANAK: inay naman, kapag yung baboy natin ang malakas kumain natutuwa ka, sino ba talaga anak mo, ako o yong baboy?

LOLO: apo mababaw ba itong ilog?
APO: opo lolo
LOLO: (tumalon) saklolo, saklolo. Akala ko ba mababaw itong ilog?
APO: nakita ko po kasi kanina mga itik nagsitawiran.

TEACHER: ano ang ating pambansang hayop? Nagsimula sa letter K!
STUDENT: kuto?
TEACHER: no, nagtatapos sa letter W!
STUDENT: kutow?
TEACHER: mali, may sungay ito.
STUDENT: demonyong kutow?
TEACHER: get out!!!

january .indd Sec1:20 1/24/11 10:18:06 AM

Mahalagang Mga Numero sa Telepono

EMERGENCY: 112, 1844777
CIVIL ID INFO: 1889988
FIRE BRIGADE: 100, 105
TRAFFIC VIOLATIONS: 198
AMBULANCE:
Central 24722000; Emergency 24765616; Adan 23940660, 23941455; Amiri 22422366; Dai'ya 22510854; Dasman 22419785; Fahaheel 23919089; Faiha'a 22553779; Farwaniya 24883000, 24725149; Jahra 24575448; Mubarak Al-Kabir 25311437; Nuwaisib 23950114; Sabah 24815000; Salmiya 25739011; Shuaiba 23261927
HOSPITALS:
Amiri Casualty 22450005; Al-Sabah 24812000, 24815000; Mubarak Al-Kabir 25312700 to 9; Farwaniya 24883000, 24888000; Adan 23940600; Ibn Sina 24840300; Al-Razi 24846000; Al-Jahra 24575300; Maternity 24848067; Allergy 24849252; Blood Bank 25336538; Burns Centre 24840300; Cancer Control Centre 24849100; Chest Deseases 24838990, 24849400; Drug Control 24837245; Infectious Diseases 24870351; Islamic Medicine Centre 24849000; Military 24729911; Opthalmology 24840300; Psychiatric Centre 24843900; Sulaibikhat Orthopedic 24874240
PRIVATE HOSPITALS:
Ahmadi 23985174; Mowasat 25711533; Dar Al Shifa 22423151; Salam 22533177, 25333254; British Medical Centre 23713100; Royal Hayat Hospital 25360000, 25360536
PRIVATE CLINICS:
International Clinic 25745111; Kuwait Clinic 25739277; Maidan 22450001
POLICE STATIONS:
Abu Halifa 23717656; Ahmadi 23980304; Bayan 25387762; Dasma 22531917; Fahaheel 23912959; Hawalli 22641116; Jabriya 25315855; Jleeb Shoyoukh 24311234; Kaifan 24832839; Qadsiya 22574386; Qurain 25423772; Sabah Al Salem 25517229; Salhiya 22427157; Salmiya 25726950; Sharq 22442466; Shuwaikh 24813726; Surra 25312220; Wafra 23810412;Waha 24557902
IMMIGRATION DEPARTMENT:
Farwaniya 24341770; Hawalli 25712637, 25712635; Jahra 24555600; Ahmadi 23986761;Mubarak Al-Kabir 25415071
EMBASSY:
Phil. Embassy- Jabriya, Kuwait 25329316, 25329317, 25329318; OWWA/POLO 25346507, 25346508
ISLAM PRESENTATION COMMITTEE (IPC):
Al-Mullah Saleh Kuwait 22444117; Salwa 25637900; Sharq 22418934, 22418917; Al-Rawda 22511301, 66944422; Salmiya 25733263, 66944422; Farwaniya-Kheitan 24735626, 99285459; Al-Manggaf 23723002, 99256165; Al-Jahra 24558830, 97509063; Aware Center 25335260, 25335280; TIES Center 25231015, 25231016, 97798222

BISAYANG JOKES

ni uaya

GIRL: babes unsa diay imong zodiac sign
BOY:[naghuna2 kay medyo bolokon] ikaw sa babes
GIRL: zodiac sign nako, CANCER
BOY: ako, GOITER
GIRL: wala may zodiac nga goiter oi!
BOY: hehe joke ra, ULCER bitaw ang tinuod…
(Kissa Calamba, Dagohoy, Bohol)

[Sa Mental Hospital nagdrawing ang doctor og pertahan sa blackboard]
DOCTOR: ang makauna og gawas dri sa pertahan maoy makagawas na dire sa hospital
[Naglumba ang mga buang nga pasyente! Pero nay isa wala ni dagan og grabeng katawa]
DOCTOR: hmm..morag naayo na gale ning isa…..Nganong wala ka ni apil nila ug lumba?
BUANG: Mga buang man na sila. Unsaon nila paggawas nga ang yabi dia man nako!!!
(Kent Calamba, Dagohoy, Bohol)

BATA: ayo palit ko juice kanang litro pack!
TINDIRA: ah kaning powder noh
BATA: kay ngano naa diay bareta?
(JayAnn Barbarona, Bilar, Bohol)

[Xlovers nagkita]
BOY: nidako lage imo iyan?
GIRL: lage, gipanuhot man gud ko
[nilabay ang 9months, nagkita nasad sila, ang girl nagdala ug bata]
BOY: uy, ka cute sa panuhot…
(Jaylou Barbarona, Bilar, Bohol)

Konduktor: Kinsa ning kanding dinhi?
Pedro: Ako na!
Konduktor: Plitihan tani ha?
Pedro: O' pangutan-a lang kung naa ba na sya'y kwarta!

Boy: Di na madayon atong kasal
Girl: Ngano man?
Boy: Imong kuya man gud.
Girl: Di ui! Nagustohan gani ka niya.
Boy: Mao gani, naka-like sad ko niya!

Bungi Gitahi sa Doctor, Tapos Gitistingan pa pronounce.
DOCTOR: Sige e-pronounce kono..LUZON, VISAYAS, MINDANAO,
BUNGI: LUKOT, PASAYAN, BULINAO.
DOCTOR: naaaaaaaaaaaaaaaaah ! MITAMOOT….

Maid: Sir, mahibal-an gani ta ani ni Ma'am nah!
Mr.: Dili lagi, motug-an pud diay ka?
Maid: Dili uy!
Mr.: Ok, sige, make-up-pi napud ko… kanang pina-IGAT jud ha?

2011

January 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

1st Jan New Year

February 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28					

16th Feb Mawlid Al-Nabi
25th Feb National Day
26th Feb Liberation Day

March 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

April 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

May 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30	31				

June 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
			1	2	3	4
5	6	7	8	9	10	11
12	13	14	15	16	17	18
19	20	21	22	23	24	25
26	27	28	29	30		

19th Jun Independence Day
29th Jun Eid Al Isra'Wal Mi'raj

July 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

August 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31			

31st Aug Eid Al-Fitr

September 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	

1st Sep Eid Al-Fitr (2nd Day)
2nd Sep Eid Al-Fitr (3rd Day)

October 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

November 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

6th Nov Mount Arafat
8th Nov Eid Al-Adha (2nd Day)
27th Nov El-Hijra
7th Nov Eid Al-Adha
9th Nov Eid Al-Adha (3rd Day)

December 2011

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
				1	2	3
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

Emergency: 112, 1844777
Civil ID Info: 1889988
Fire Brigade: 100, 105
Traffic Violations: 198

Immigration Department:
Farwaniya: 24341770
Jahra: 24555600
Ahmadi: 23986761
Hawally: 25712637
Mubarak Al Kabir: 25415071

Hospitals:
Amiri Casualty: 22450005
Farwaniya: 24883000
Al Jahra: 24575300
Ibn Sina: 24840300

Private Hospital:
Ahmadi: 23985174
Mowasat: 25711533
Dar Al Shifa: 22423151
Salam: 22533177

Embassy:
Philippines: 25329316

Islamic Presentation Committee.
Salwa: 25637900
Sherq: 22418934
Al Rawda 22511301
Salmiya 25733263

KPCC
Farwaniya: 24712574
ICSA: 22467301

Free Diagnosis of Laptops : 66001263

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ... لنتعارف

january .indd Sec1:22 1/24/11 10:18:07 AM